Duc Ad Veritatem
FILIPINO 4 ___
Unang Markahan
Handout at Pagsasanay

C.N.
Pangalan: _____ Petsa:_____ Iskor:

Pagbubuo ng mga Salita

Paano nabubuo ang mga salita? May iba't ibang paraan kung paano nabubuo ang mga ito. Tinatawag itong ***payak, maylapi, inuulit at tambalan.***

1. **Payak** – ang tawag sa salitang binubuo lamang ng salitang-ugat.
   Halimbawa:

   lahi, langit, tao, gubat, dahon

2. **Maylapi** – ang tawag sa salitang binubuo ng salitang-ugat at panlapi. Ang panlapi ay maaaring unlapi kung nasa unahan ng salitang-ugat, gitlapi kung nasa gitna, hulapi kung nasa hulihan at kabilaan kung nasa unahan at hulihan ng salitang-ugat.
   Halimbawa:

   unlapi - **ma**laki, **um**akyat, **mag**pinsan
   gitlapi - k**um**islap, s**in**abi, p**in**utol
   hulapi - sayaw**an**, balut**in**, punta**han**
   kabilaan - **ka**buti**han**, **ka**lawak**an**, **mag**mahal**an**

3. **Inuulit** – ang tawag sa salitang nabubuo sa pamamagitan ng pag-uulit ng salitang-ugat o ng buong salita. Maaaring ***ganap*** o ***di-ganap*** ang pag-uulit.
   Halimbawa:

   Di-ganap: aasa, tatayo, uupo, sasaya, pira-piraso, kala-kalahati
   Ganap: araw-araw, magandang-maganda, malapit-lapit

4. **Tambalan** – ang tawag sa salitang pagtatambal o pagsasama ng dalawang magkaibang salita. Ang dalawang magkaibang salita ay maaaring pinag-isa o pinagdugtong ng gitling (-).
   Halimbawa:

   puno + kahoy = punungkahoy
   bahag + hari = bahaghari
   ingat + yaman = ingat-yaman
   araw + gabi = araw-gabi
   takip + silim = takipsilim

Magagawa Mo Kaya?

A. Isulat sa patlang ang **P** kung payak at **M** kung maylapi ang salita. (10 puntos)

_____ 1. langit
_____ 2. pagkain
_____ 3. daigdig
_____ 4. sulat
_____ 5. kumatok
_____ 6. bituin
_____ 7. lapitan
_____ 8. bulaklak
_____ 9. bakuran
_____10. tinahi

B. Bilugan ang panlapi sa salita. Isulat ang **U** kung unlapi, **G** kung gitlapi, **H** kung hulapi at **K** kung kabilaan. (10 puntos)

_____ 1. magkapatid
_____ 2. pag-usapan
_____ 3. gumapang
_____ 4. alagaan
_____ 5. mggtulungan
_____ 6. kabaitan
_____ 7. pabulong
_____ 8. dinalaw
_____ 9. pasyalan
_____ 10. lutuin

C. Lagyan ng √ ang patlang kung ***inuulit*** ang salita at **X** kung ***tambalan***. (10 puntos)

_____ 1. buong-buo
_____ 2. urong-sulong
_____ 3. bali-balita
_____ 4. pilikmata
_____ 5. taong-bayan
_____ 6. taun-taon
_____ 7. matabang-mataba
_____ 8. balikbayan
_____ 9. silid-aklatan
_____10. sawimpalad

D. Isulat sa bilog ang **P** kung payak, **M** kung maylapi, **I** kung inuulit at **T** kung tambalan ang salita. (10 puntos)

( ) 1. dahan-dahan
( ) 2. kapitbahay
( ) 3. salamin
( ) 4. samahan
( ) 5. maputi-puti
( ) 6. magkapatid
( ) 7. pakpak
( ) 8. dalawahan
( ) 9. bahay-ampunan
( ) 10. bungangkahoy